<table>
<tr><td colspan="2">California Department of Justice<br>(Kagawaran ng Hustisya ng California)<br>DIVISION OF LAW ENFORCEMENT<br>(DIBISYON NG PAGPAPATUPAD<br>NG BATAS)<br>Luis Lopez, Gumaganap na Hepe</td><td>BULLETIN NG IMPORMASYON</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Paksa:<br><br>Impormasyon Hinggil sa Pagtatalaga ng mga Pribadong Patrol Operator ng mga Baril sa mga Lisensyadong Security Guard</td><td>Blg.<br>2023-DLE-08</td><td rowspan="2">Contact para sa impormasyon:<br><br>Bureau of Firearms<br>(Kawanihan ng mga Baril)<br>(916) 210-2300</td></tr>
<tr><td>Petsa:<br>2/6/2024</td></tr>
</table>

**PARA SA: LAHAT NG MGA AHENSYA SA PAGPAPATUPAD NG BATAS SA CALIFORNIA, MGA DEALER NG BARIL SA CALIFORNIA, MGA PRIBADONG PATROL OPERATOR, AT LAHAT NG IBA PANG APEKTADO**

Layunin ng bulletin na ito na magbigay ng impormasyon kaugnay ng Assembly Bill (AB) 2220 (Stats. 2014, ch. 423) at sa mga ipinag-uutos na pagbabago sa sistema ng Department of Justice (Kagawaran ng Hustisya).

**BUOD NG AB 2220 (Stats. 2014, ch. 423)**

Nagkabisa mula noong Hulyo 1, 2016, nagtatag ang AB 2220 ng mga pamamaraan na nagpapahintulot sa entidad sa negosyo ng Pribadong Patrol Operator na maging rehistradong may-ari ng baril. Dagdag pa, pinahihintulutan ng AB 2220 ang PPO na magtalaga ng baril sa security guard at maghirang ng tagapangalaga ng baril.

**UPDATE SA MGA TALAAN NG PAGBEBENTA NA ISINUMITE SA DEPARTMENT OF JUSTICE (KAGAWARAN NG HUSTISYA)**

Sa ngayon, walang kakayahang matukoy ng Dealer Entry System (DES o Sistema ng mga Entry ng Dealer) ng Dealer Record of Sale (DROS o Talaan ng Pagbebenta ng Dealer) ang negosyo bilang mamimili o may-ari ng baril. Kinakailangan ang mga pagbabago kapwa sa DES at Automated Firearm System (AFS o Awtomatikong Sistema ng Baril) para ilista ang PPO bilang mamimili at rehistradong may-ari ng baril. Inaasikaso ng DOJ na ipatupad ang mga pagbabagong ito at nagbubuo ng mga nauugnay na proseso, sa hinaharap, bilang bahagi ng Firearms Information Technology Modernization Project (Proyektong Modernisasyon ng Teknolohiya ng Impormasyon ukol sa Baril).

Habang inaayos pa ang pagpapatupad ng mga pagbabagong ito, hanggang sa karagdagang abiso, pinapayuhan ang mga dealer ng baril sa California na kumpletuhin ang kasalukuyang proseso ng DROS sa may-ari o manedyer ng PPO para sa anumang baril na nabili sa ngalan ng negosyo nito. May pananagutan ang PPO sa pangangalaga ng sarili nitong mga talaan sa pagtatalaga ng baril.

**CONTACT SA PAGPAPATUPAD NG BATAS**

Hangga’t hindi pa kumpleto ang mga pagbabago sa mga sistema ng DES at AFS, maaaring patuloy na makakatagpo ang mga personel sa pagpapatupad ng batas ng mga armadong security guard na may mga rekisitong permit at kwalipikasyon para magdala ng baril sa panahon ng kanilang mga tungkulin bilang mga

security guard, ngunit hindi bilang mga rehistradong may-ari ng baril. Ang security guard na nilisensyahan ng Bureau of Security and Investigative Services (Kawanihan ng mga Serbisyong Panseguridad at Pang-imbestigasyon) na magdala ng baril ay kwalipikadong matalagahan ng baril na pagmamay-ari ng negosyo ng PPO na pinagtatrabahuhan nila. Hindi paglabag sa seksiyon 27545 ng Penal Code ang pagtatalaga ng baril ng PPO sa kwalipikado at lisensyadong security guard. (Pen. Code §§ 28010, 28012, 28018.)

Hinihikayat ang mga ahensya sa pagpapatupad ng batas na iwasan ang anumang aksiyon para kumpiskahin ang baril ng o arestuhin ang security guard dahil sa mga paglabag kaugnay ng pagdadala ng baril ng isang indibidwal maliban sa rehistradong may-ari, kung saan matutukoy na ang baril ay rehistrado sa PPO na pinagtatrabahuhan ng security guard at maayos na naitalaga sa naturang security guard.

Kung mayroon kayong anumang katanungan kaugnay ng Bulletin ng Impormasyon na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Justice (Kagawaran ng Hustisya), Bureau of Firearms (Kawanihan ng mga Baril) sa (916) 210-2300.